


ACTIVITY

A. Kulayan ang larawan.



B. Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit nais malaman ni Haring David kung may nabubuhay pang mga kamag-anak na mula sa sambahayan ni Saul?

2. Ano ang gustong gawin ni Haring David para kay Mephibosheth?

3. Sino si Ziba at ano ang inutos sa kanya ng hari?

4. Ano ang naging turing ni Haring David kay Mephibosheth?

5. Ano ang mahalagang aral ang natutuhan mo sa kwentong iyong binasa?

Ang kabutihan ni Haring David kay Mephibosheth ay isang napakagandang halimbawa ng pagtupad sa mga pangako, at pagpapakita ng pagmamahal at kabutihan. Ang taong tumutupad sa mga pangako ay tunay na mapagkakatiwalaan. Tulad ng mapanghahawakan natin ang salita ng Diyos sapagkat ito ay Kanyang tinutupad. Ito ay isang mabuting pag-uugali na dapat nating tularan.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang maliit na baryo, kilala ang batang si Oliver sa kanyang pagiging masiyahin at bukas-palad. Ilang taon na ang nakalipas, noong nagkaroon ng bagyo at nasira ang kanilang bahay. Tinulungan ang kanyang pamilya ng mabait nilang kapitbahay, ang mag-asawang Johnson, na nagbigay ng tirahan at suporta sa kanila.

Isang maaraw na hapon, nakita ni Oliver si Emily Johnson, ang mahiyain niyang kaklase, na nag-iisa at umiiyak sa tabi ng lawa. Nag-alala si Oliver at mahinahong lumapit sa kanya at tinanong kung ano ang problema. Inamin ni Emily na pakiramdam niya ay nag-iisa siya at walang kaibigan.

Naalala ni Oliver kung paano tinulungan ng mag-asawang Johnson ang kanyang pamilya, at nakita niya ang pagkakataong suklian ang kanilang kabutihan. "Emily, kaibigan mo ako, at narito ako para sa'yo," sabi niya. "Punta tayo sa park at maglaro tayo sa mga duyan."

Nagliwanag ang mukha ni Emily sa pag-asa. "Talaga? Gagawin mo 'yun?" tanong niya.

"Siyempre! Hindi ka naman ibang tao para sa akin." sagot ni Oliver.

Mula noon, naging malapit na magkaibigan sina Oliver at Emily. Ipinakilala ni Oliver si Emily sa kanyang mga kaibigan, at ito ay naka tulong na magkaroon ng kumpiyansa si Emily at ang pakiramdam na kabilang siya. Ang simpleng kabutihan ni Oliver, na bunga ng kanyang pagpapahayag ng pasasalamat sa mga taong tumulong sa kanyang pamilya, ay

lumikha ng positibong epekto sa kanilang baryo. Ang kapangyarihan ng pasasalamat at kabaitan.

Mga tanong.

1. Paano tinulungan ng pamilya Johnson si Oliver at kanyang mga magulang?

2. Bakit nais tulungan ni Oliver si Emily?

3. Kung ikaw si Oliver, tutulungan mo pa rin ba si Emily kahit hindi ka nakatanggap ng tulong mula sa pamilya nito?

Kung paanong naalala ni David ang kabaitan ni Jonathan at sinikap niyang suklian ito, ganun din ang nakita natin sa kwento nila Oliver at Emily. Ang mga batang tulad natin ay dapat na kilalanin ang kabaitang ipinakita sa atin at suklian ang kabutihan natanggap sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabutihan sa iba. Ito ay maaaring magbigay ng inspirasyon sa iba na maging mabait at bukas-palad. Sa pamamagitan ng pagiging mabuting halimbawa, maaari nating mahikayat ang isang kultura ng pakikiramay at mapagpasalamat.



D. Memory Verse

Huwag mong hayaang iwan ka ng kabaitan at katotohanan; itali mo ang mga ito sa palibot ng iyong leeg, isulat mo sa iyong puso. **Mga Kawikaan 3:3**